
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 12-16, 2022 (WEEK 4) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKOLES HUWEBES BIYERNES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Layunin** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang ksanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at ksanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyob at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nasasaulo ang isang tula/awit na napakinggan at naisasadula ang isang isyu o paksa mula sa tekstong napakinggan<br>Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isyu<br>Nakabubuo ng sariling diksiyunaryo ng mga bagong salita mula sa mga binasa; naisasadula ang mga maaaring mangyari sa nabasang teksto Nagagamit ang nakalimbag at di-nakalimbag na mga kagamitan sa pagsasaliksik<br>Nakasusulat ng reaksyon sa isang isyu<br>Nakagagawa ng isang blog entry tungkol sa napanood<br>Naisasagawa ang pagsali sa mga usapan at talakayan, pagkukuwento, pagtula, pagsulat ng sariling tula atr kuwento | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto | Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong**. F6PB-Ib-5.4**<br>**F6RC-IIe-5.2** | | | | |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay-Kahulugan sa Kilos ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2. Pahina sa Kagamitan ng Mag-aaral | | | | | |
| 3. Pahina sa Batayang Aklat | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Learning Resource (LR) portal | | | | | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| | **Subukin**<br><br>Magandang araw! Sana ay nasa maayos ang pakiramdam mo ngayon at handa ka na sa una nating gawain. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawaing ipagagawa.<br>Basahin ang kuwentong Payak na Pangarap. Simulan na natin! | **Tuklasin**<br><br>Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Magpatuloy ka lang at magagawa mo pang madagdagan ang iyong kaalaman.<br>Ngayon, tunghayan naman natin ang kuwento sa buhay ni Bobot Mahiyain.<br><br>**Si Bobot na Mahiyain**<br>May isang binatilyong nagngangalang Bobot na nakatira sa malayong probinsiya. Siya ay masipag sa gawaing bukid, maging sa gawaing bahay. Bihira siyang lumabas dahil siya ay mahiyain.<br>Isang araw habang nakahiga sa ilalim ng puno ng mangga pagkatapos mag-araro ay may narinig siyang nagtatawanan. Tawanan iyon ng magpipinsan. "Bobot si Mabel nga pala pinsan naming kararating lang mula Maynila", wika ni Dan na kaibigan nito. "Ha a, e, e", tamiming sagot ni Bobot kay Dan. "Naku ikaw talaga Bobot sobrang pagkamahiyain", sabi naman ni Ace na pinsan pa nila.<br>Mula noon hindi na mapakali si Bobot. Maaga pa itong bumabangon upang magdilig ng mga halaman ng kaniyang ina. "Anong nakain at parang napaaga ang gising?, tanong ng nanay ni Bobot. "Ha a e, e", tamimi uli na sagot ni Bobot sa ina.<br>Kinahapunan, kahit marami pa silang panggatong na kahoy, nagsibak pa rin si Bobot. "Masyado ka yatang masipag anak", pansin uli ng nanay ni Bobot. May nangyari bang maganda?, dugtong pa nito. "Ha a, e, e", sagot uli ni Bobot sa ina. "Hay naku! anak sobra mo talagang mahiyain", dugtong pa ng ina nito.<br>Minsan dumaan si Mabel sa kanilang bahay, tanaw siya ni Bobot mula bintana. "Ang ganda talaga ni Mabel", bulong sa sarili habang kinikilig. "Ano ang sinabi mo Bobot? Maganda sino? A, iyong bagong bakasyon na dalaga, kaya pala nag-iba ang mga kilos mo puno ng sigla<br><br>Sagutin ang sumunod na tanong at isulat sa sagutang papel. | **Pagyamanin**<br><br>Mahusay! Batid kong marami kang natututuhan tungkol sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Upang mailapat ang natutuhan mo, subukin mong sagutin ang mga nahanay na gawain.<br><br>Gawain 1<br>Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel<br><br>**Ang Lamayo**<br>Ang pamilya ni Aling Adela ay kilala sa paggawa ng lamayo sa kanilang lugar. Maaga pa lamang ay nasa laot na ang kaniyang asawa upang manghuli ng alamang sa dagat at dinadala sa kanilang bahay. Ito'y hinuhugasan at ibinibilad sa araw, tinutulungan ni Aling Adela ang kaniyang asawa sa pagbibilad ng alamang. Kapag tuyo na ito, nilalagyan nila ito ng asin, inaalisan ng mga munting dumi at minamasa hanggang sa maging lamayo. Pagkatapos ay ipinapasok ito sa malinis na lalagyan tulad ng *plastic* at sako at saka ibinibenta ito ng por kilo.<br>Tulong-tulong ang mag-asawa kasama ang kanilang mga anak sa paggawa nito. Ang kanilang lamayo ay talagang napakasarap sapagkat marami silang mga suki sa kanilang lugar.<br>Ang paggawa ng lamayo ang isa sa ikinabubuhay ng pamilya ni Aling Adela. Masayang-masaya silang magpamilya kapag malaki ang kanilang kinikita mula sa pagbibenta ng lamayo dahil malaki ang naitutulong nito sa pag-aaral ng kanilang mga anak at sa mga gastusin nila sa pang-araw-araw na pangangailangan.<br>***Sarilina katha ni Amelita L. Bulauerin*** | **Tayahin**<br><br>Hayan at natapos mo na ang mga gawain upang mahasa ang iyong kakayahan sa nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at patnubay na tanong.<br>Sige, hinga muna nang malalim. Tiyak na handa ka na para sa isang pagtataya. | Lingguhang Pagsusulit |



**Payak na Pangarap**

Naniniwala sina Mang Nilo at Aling Mildred na ang pagkakaroon ng edukasyon ang tanging paraan upang makamit ang magandang kinabukasan. Kaya, higit silang nagsusumikap upang mapagpapatapos sa kolehiyo ng kanilang nag-iisang anak.

"Gigising tayo ng maaga bukas upang makabalik sa bukid." Ang sabi ni Mang Nilo. "Walang problema", sagot ni Aling Mildred.

Maagang gumising ang mag-asawa upang magtungo sa kanilang bukirin. Ngunit bago umalis ng bahay, nagkakape muna sila habang, naghahanda ng almusal na babauin.

> Sino – sino ang mag-asawa?
> Ano –ano ang kanilang ginagawa bago pumunta sa bukid?

Bago pa man magliwanag ay nasa sakahan na ang mag-asawa, nagbubungkal ng lupa at nagtatanim, nagdadamo at naglalagay ng pataba sa mga tanim nilang gulay na siyang pinagkakaikitaan ng mag-anak.

> Bakit maaga pang pumupunta sa sakahan ang mag-asawa?

Ganoon at ganoon na lamang ang ginagawa ng mag-asawa hanggang sa maani na nila ang kanilang mga pananim na ibenibenta nila upang may maipabaon sa kanilang nag-iisang anak na si Amy.

> Paano kumikita ang mag-asawa?

Pagkatapos ng ilang taon, napagtapos din ng mag-asawa ang kanilang anak sa kolehiyo sa kursong komersiyo na di nagtagal ay nakapagtrabaho sa bangko sa kanilang bayan.


> Ano ang nararamdaman mo sa kinalabasan ng kuwento?

Panuto: Lagyan ng bilang 1 hanggang 10 ang linya upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

________A. May mag-asawang nagngangalang Mang Nilo at Aling Mildred.
________B. Nagbubungkal at nagtatanim sila ng mga gulay.
________C. Nagdadamo rin sila ng kanilang mga tanim
________D. Ibinebenta nila ang mga gulay upang kumita ng pera.
________E. Nakapagtrabaho ang anak ng mag-asawa sa bangko sa kanilang bayan.
________F. Ipinababaon nila sa anak ang kinitang pera
________G. Nakapagtapos din ng pag-aaral ang kanilang anak.
________H. Nagkakape muna ang mag-asawa bago umalis ng bahay.

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Bakit kilalang-kilala si Bobot? Ano-ano ang kaniyang mga katangian?
3. Sino ang magandang dalagang kaniyang nagustuhan?
4. Paano ipinaabot ni Bobot ang kaniyang paghanga sa dalaga?


Panuto: Lagyan ng bilang 1 hanggang 4 ang linya upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.




______ ______ ______ ______

Lagyan ng titik A hanggang E ang patlang bago ang bilang ayon sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

________1. Ang paggawa ng lamayo ang isa sa ikinabubuhay ng pamilya ni Aling Adela.
________2. Tulong-tulong ang mag-asawa kasama ang kanilang mga anak sa paggawa nito.
________3. Kapag tuyo na ito, nilalagyan nila ng asin, inaalisan ng dumi at minamasa hanggang sa maging lamayo.
________4. Ang pamilya ni Aling Adela ay kilala sa paggawa ng lamayo sa kanilang lugar.
________5. Masayang-masaya silang magpamilya kapag malaki ang kanilang kinikita mula sa pagbibenta ng lamayo dahil malaki ang naitutulong nito sa pag-aaral ng kanilang mga anak at sa mga gastusin nila sa pang-araw-araw na pangangailangan.



Sa bayan ng Panay ay may magandang dilag na nagngangalang Mira. Maraming binatang nanligaw sa kaniya dahil bukod sa maganda na, napakabait at napakatalino pa. Sa mga binatang nagpapansin dito, may isang namumukod tanging nakakuha ng pansin ng dalaga at siya ay si Lucas.Si Lucas ay isang binatang simple ngunit napakasipag at may ginintuang puso at dahil sa katangian niyang ito, naibigan siya ng nasabing dilag. Mula noon, ay nagmahalan ang dalawa at nangako sa isa't isa na walang iwanan.


Hindi nagtagal napagdesisyunan nilang mag-isang dibdib. Ngunit bago ang kasalan may tradisyon sa Panay na sinusunod at ito ay ang **Pamalaye.**

Ang pamalaye ay isang kaugalian na kung saan bago ang kasalan, ang binata ay pumupunta sa bahay ng kaniyang mapapangasawa kasama ang kaniyang pamilya. Dito pinag-uusapan ang pagtatakda ng kasal at iba pang bagay na kakailanganin. Pagkatapos magkasundo ang dalawang panig ay may salo-salo na nagaganap.

Kaya't si Lucas ay hindi na nagpatumpik-tumpik pa. Dinala niya ang kaniyang pamilya sa bahay nina Mira. Nagdala rin sila ng mga pagkain. Dahil sa mahal na mahal nila ang isa't isa at hindi sila mapaghihiwalay, nagkasundo ang mga magulang nila na sila'y ipakasal na.

Hindi naglaon, sina Mira at Lucas ay ikinasal sa isang simpleng okasyon ngunit naging masaya at makahulugan dahil kasama nila ang kani-kanilang mga pamilya at mga malalapit na kaanak at mga kaibigan.


A. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang kahon upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa binasang kuwento sa tulong ng mga larawan.




Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tekstong binasa?
2. Ano ang tradisyon sa Panay ang kanilang sinusunod?
3. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Lucas, susundin mo ba ang tradisyon ng inyong lugar? Ipaliwanag.
4. Paano mo maipapakita sa isang tao ang iyong tunay na pagmamahal para sa kaniya?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ________I. Naghahanda rin sila ng almusal na babaunin sa bukid.<br>________J. Pinipitas nila ang mga tanim na gulay. | | | | |
| | **Tuklasin**<br><br>Panuto: Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang linya upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **SURIIN**<br><br>Panuto: Basahin ang mga nakalahad na sitwasyon mula sa napakinggang pabula. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod nito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br><br> | | | **Karagdagang Gawain**<br><br>Iyong nabasa sa kuwento ni Bobot na Mahiyain kung paano niya tinutulungan ang kaniyang magulang sa gawain sa bukirin at gawaing bahay. Bilang isang batang tulad mo, matutulungan mo rin ang iyong ina sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing bahay. A! kung ikaw ang nakatatandang anak sa pamilya, maaaring matulungan mo ang iyong ina sa pag-aalaga ng iyong mga kapatid. Ano kaya ang gagawin mo kung magtitimpla ka ng gatas? Sige nga ilahad sa ibaba ang tamang pagkasusunod-sunod o paraan sa pagtitimpla ng gatas.<br><br>**Mga hakbang sa pagtimpla ng gatas**<br><br>1.______________________<br>2.______________________<br>3.______________________<br>4.______________________ | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial?* Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D. Bilang ng mga magaaral na magpapatuloy sa *remediation.* | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapuwa ko guro? | | | | | |